DSWD
Department of Social Welfare and Development

# ALAM MO BA?



Ang DSWD ay pino-proseso at binibigyan ng opisyal na pagkilala ang mga indibidwal na dalubhasa sa pagbibigay ng pre-marriage counseling.

**HALIKA'T ALAMIN NATIN!**

DSWD
Department of Social Welfare and Development

# ANO ANG ACCREDITED PRE-MARRIAGE COUNSELOR?



Ito ay tumutukoy sa kinikilalang propesyon na akreditado ng DSWD para magsagawa ng mga sesyon ng Pre-Marriage Counseling  sa mga mag-aasawang mag-aapply ng lisensya ng pagpapakasal.

DSWD
Department of Social Welfare and Development

# SINO ANG SAKLAW NG AKREDITASYON NG PRE-MARRIAGE COUNSELING?



Lahat ng mga social worker at iba pang propesyon/tagapagbigay ng serbisyo sa pribado at pampublikong sektor na nakamit ang kinakailangan kwalipikasyon.

# ANU-ANO ANG MGA KWALIPIKASYON NG PRE-MARRIAGE COUNSELOR ACCREDITATION?

1. Mayroong Bachelor's Degree in Social Work, Nursing, Behavioral Science, Social Science, o iba pang mga kurso na may counseling bilang bahagi ng kanilang academic curriculum;

2. Pagdalo sa basic trainings at/o seminars ukol sa Marriage Counseling na isinasagawa ng DSWD, ibang ahensya ng pambansang pamahalaan, at mga akreditadong institusyon.



3. Alinman sa mga sumusunod bago ang aplikasyon;

   3.1. Dapat mayroong karanasan na magsagawa ng *counseling* na hindi baba sa 6 na buwan.

   3.2. Dapat nakatulong sa pagsasagawa ng Pre-Marriage Counselor na hindi bababa sa 6 na sesyon at/o anumang uri ng sesyon ng pagpapayo.

DSWD
Department of Social Welfare and Development

# BAKIT MAHALAGA NA AKREDITADO ANG PRE-MARRIAGE COUNSELORS?



Dahil sila ay gumaganap sa **mahalagang papel** bilang *marriage counselors* para sa **PAGBIBIGAY** ng ***kakayahan sa mga mag-aasawa na maging handa sa pag-ako ng kani-kanilang tungkulin bilang mag-asawa at pagiging mga magulang sa kanilang mga anak***.

Ang Pre-Marriage Counselor ay dalubhasa sa pagtulong sa mga mag-asawa na magdesisyon ng positibong opsyon para tumatag ang relasyon ng mag-asawa at magiging pamilya nito.

DSWD
Department of Social Welfare and Development

# PAANO MAG-APPLY NG PRE-MARRIAGE COUNSELOR ACCREDITATION??

- Ang aplikasyon ay maaaring ibigay sa pamamagitan ng pagpunta sa kinauukulang DSWD Regional Field Offices o pagpadala gamit ang email/courier.
- Ang aplikante ay kinakailangang magpasa ng mga dokumentong binanggit sa Memorandum Circular No. 1, series of 2019 o Amended Guidelines in the Accreditation of Pre-Marriage Counselors. (https://www.dswd.gov.ph/issuances)
- Para sa iba pang mga katanungan, maaaring bisitahin ang DSWD Official Facebook Page sa https://www.facebook.com/dswdserves

# KAILAN PWEDENG MAG-APPLY NG PRE-MARRIAGE COUNSELOR ACCREDITATION?

Kapag ang aplikante ay naabot ang mga kinakailangang kwalipikasyon at nakumpleto lahat ng mga kinakailangang dokumento.

DSWD
Department of Social Welfare and Development

## SAAN PWEDENG MAG-APPLY NG PRE-MARRIAGE COUNSELOR ACCREDITATION?

**Maaaring isumite ng aplikante ang mga kinakailangang dokumento sa kinauukulang DSWD Field Office.**